ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# KALISAFI (KAGAMITANG LIKHA SA FILIPINO): BILANG BATAYAN SA PAGPAPAUNLAD NG MASINING NA PAGPAPAHAYAG AT PAGPAPALAWAK NG BOKABULARYO SA PERFORMANS NG MGA MAG-AARAL

**Ace Oliveros Flores**
*Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines*

**ABSTRAK**

*Ang pag-aaral na ito ay naglalayong malaman ang kamalayan sa paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang batayan sa pagpapaunlad ng masining na pagpapahayag at pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Layon din ng pag-aaral na ito na matukoy ang resulta ng pagganap ng mga mag-aaral sa pagsulat ng tula at malaman kung may makabuluhang epekto ang paggamit ng KALISAFI (Kagimitang Likha sa Filipino): bilang Batayan sa Pagpapaunlad ng Masining na Pagpapahayag at Pagpapalawak ng Bokabularyo sa Performans ng mga Mag-aaral.*

*Ang mananaliksik ay gumamit ng deskriptibong pamamaraan. Ang KALISAFI (Kagamitang Likhasa Filipino) ay nabuo at ginamit ng maananaliksik sa pitumpo't apat (74) na mag-aaral Bunggo National High School. Ang napiling tagatugon ay mula sa ika-11 baitang strand ng HUMMS pangkat Charity at Symphaty. Gumamit ang mananaliksik ng Purposive Sampling Technique. Ang talatanungan at worksheet ay ginamit upang masagot ang nasabing pag-aaral.*

*Lumbas sa resulta ng pag-aaral batay sa pagpapaunlad ng masining na pagpapahayag at pagpapalawak ng bokabularyo ang paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino), ay katanggap-tanggap. Sa kabuuan ito ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na kasiya-siya. Walang makabuluhang epekto ang paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino): Bilang Batayan sa Pagpapaunlad ng Masining na Pagpapahayag at Pagpapalwak ng Bokabularyo sa Performans ng mga Mag-aaral batay sa pagsulat tula.*

*Hindi nagbigay ng makabuluhang epekto sa kamalayan ng mga mag-aaral ang paggamit ng worksheet (KALISAFI). Nangangahulugan lamang ito na kulang pa ang kaalaman nila sa pagsulat ng tula. Nangangahulagan din ito na hindi ganun kalawak ang kanilang talasalitaan upang makabuo ng isang masining na pahayag na magagamit nila sa pagsulat ng isang tula.*

*Iminumungkahi ng mananaliksik na umisip ng iba pang parametro o baryabol na gagamitin sa pag-aaral upang sukatin ang kamalayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng tula. Gamitin din ang mga datos na nakalap sa pag-aaral naito upang mapaunlad ang kagamitan na makatutulong na mapaunlad ang masining na pagpapahayag at pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral.*

**SUSING SALITA: :** *KALISAFI; bokabularyo; Performans*

## 1. PANIMULA

Marami sa mga mag-aaral ang nahihirapan sa pagbuo ng isang masining na pahayag sapagkat limitado lamang ang kanilang talasalitaan o kaunti lamang ang alam nilang salita. Ang pagkakaroon ng limitadong talasalitaan ay isang malaking hamon sa mga mag-aaral upang makabuo ng isang masining na pahayag. Isa ito sa mga pagsubok na kinakaharap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino mula sa iba't ibang baitang. Kaya naisipan ng mananaliksik na lumikha ng isang kagamitang pampagkatuto na tutugon sa suliraning ito.

Ayo nga kay Tety (2016), sa kaniyang pag-aaral na "Role of Instructional Materials in Academic Performance in Community Secondary Schools in Rombo District", upang makatugon sa pangangailangan at maitaas ang antas ng akademikong pagganap ng mag-aaral ang mga guro ay kailangang maging malikhain sa pagbuo ng kaugnay na materyal na gagamitin sa pagtuturo at pagkatuto. Mayroong positibong ugnayan ang kagamitang pampagkatuto at akademikong pagganap. Ang paaralan na nagtataglay ng maraming mapagkukunan ng kagamitang pampagkatuto ay tumataas ang perfromans ng mga mag-aaral sa akademikong pagganap kaysa sa paaralan na maraming kakulangan sa kagamitang pampagtatuto.

Dagdag pa ni Gomez (2018), sa kaniyang pag-aaral na "Teacher- Made Worksheets to Develop Oral Language in an EFL Classroom", na ang gawa ng guro na materyal sa larangan ng edukasyon ay mahalagang estratehiya sa pag-agapay sa pagkatuto at pag-aaral sa epektibo at nakahihikayat na paraan. Naging Epektibo ang pag-aaral na ito dahil napaunlad ng kagamitang panturo na ito ang talasalitaan at oral na komunikasyon ng mag-aaral.

Dahil sa mga kakulangan sa kagamitang panturo ang kagawaran ng edukasyon ay naglabas ng DepEd Order No. 12, s. 2020, na nagsasabi na, ang mga guro ay maghahanda ng isang SLM's na tutugon sa pangangailan ng mag-aaral sa bawat aralin na nakabatay sa kakayahan ng mga mag-aaral.
Sa kabila ng mga pagsubok, handa ang mga guro na harapin ang mga hamon sa paglikha ng epektibong kagamitan sa pagtuturo ng Filipino sa Bagong Normal.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa kakulangan sa mga localize na kagamitang pang-interbensyon, ang SDO – Calamba ay nagbigay ng mga pagsasanay sa mga guro sa paggawa ng mga kagamitang panturo na maktutulong sa pangangailan ng mag-aaral kahit nasa loob man sila ng kanilang tahanan. Bilang susog sa programa ng Deped st SDO Calamba ang Bunggo National High School ay lumilikha ng mga materyal na pang-interbensyon sa iba't ibang asignatura.

Ang mga pagsasanay na ito mula sa Kagawaran ng Edkuasyon at SDO Calamba ang naging dahilan ng mananalsiksik upang bumuo ng isang kagamitang panturo na makatutulong na mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa masining na pagpapahayag at pagpapalawak ng bokabularyo. Dahil dito nabuo ng mananaliksik ang KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) na naglalayong mapaunlad ang masining na pagpapahayag at mapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral na nasa ikalabing-isang baitang sa Bunggo National High School.

### *1.1 Paglalahad ng Suliranin*

Dahil dito, ang pananaliksik ay naglalayon na masagot ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang kamalayan ng paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang pagpapaunlad sa masining na pagpapahayag batay sa:
   - 1.1 Layunin;
   - 1.2 Nilalaman;
   - 1.3 Paglalapat;
   - 1.4 Disenyo; at
   - 1.5 Kaangkupan?
2. Ano ang kamalayan ng paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral batay sa:
   - 2.1 Kahulugan ng salita;
   - 2.2 Istruktura ng salita; at
   - 2.3 Simbolismo?
3. Ano ang antas ng performans ng mga mag-aaral batay sa pagsulat ng tula?
4. May makabuluhang epekto ba ang antas ng kamalayan sa paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang pagpapaunlad sa masining na pagpapahayag sa perfromans ng mga mag-aaral batay sa pagsulat ng tula?
5. May makabuluhang epekto ba ang antas ng kaalaman sa paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) sa pagpapalawak ng bokabularyo sa performans ng mga mag-aaral batay sa pagsulat ng tula?
6. Anong mga paraan o hakbang ang maaring mabuo upang mapaunlad ang KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino).

## 2. METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa ayon sa disenyo ng deskriptibong pamamaraan ng pananaliksik. Ang deskriptibong pananaliksik, ayon kay McCombes (2022), ay maaaring gamitin sa mga pag-aaral na may layuning matukoy ang mga katangian, frequency, trend, relasyon at kategorya. Ito ay sinangayunan ni Voxco (2021), nang kaniyang ilahad na ang deskriptibong pananaliksik ay naglalarawan ng katangian ng isang populasyon. Ang pagkalap ng datos ang unang hakbang upang sagutin ang mga katanungang sa isang populasyon o grupo tulad ng ano, saan at paano. Ito ang nagiging sandigan sa pagbuo ng hypothesis bago sumailalim sa pagsusuring quantitative. Ang nabanggit na metodo ang siyang kinasangkapan ng mananaliksik sa paglikha ng hypothesis na makatutulong upang masagot ang mga suliranin ng pananaliksik.

## 3. PRESENTASYON, ANALISIS, AT INTERPRETASYON

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng presentasyon, analisis, at interpretasyon ng mga datos na nakalap ng mananaliksik. Nilalaman din ng kabanatang ito ang mga talahanayan na nagpapakita ng mga datos na nakalap upang mapabilis ang pag-unawa sa pag-aaral. Ang mga sumusunod na presentasyon, analisis at pagtalakay ay magbibigay ng linaw sa mga katanungang nais masagot ng pag-aaral na ito.

Ang mga impormasyon at datos na napaloob dito ay batay sa pagkakasunod-sunod ng pagblalahad ng suliranin. Ipinakita rin dito ang istatistikal na pamamaraan sa mga talahanayan na sumagot sa pananaliksik na KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) Bilang Batayan sa Masining na Pagpapahayag at Pagpapalawak ng Bokabularyo sa Performans ng mga Mag-aaral.

**Kamalayan sa Paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Pagpapaunlad sa Masining na Pagpapahayag**

Sa pag-aaral na ito, masusing sinuri ang nilalaman ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) upang matukoy kung paano makatutulong sa mga mag-aaral ang bawat bahagi nito. Kung paanong makatutulong ang mga bahagi nito sa abilidad ng mga mag-aaral sa proseso ng pagsulat.

Ang pag-aaral na ito ay naglalaman ng Antas ng Paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Pagpapaunlad sa Masining na Pagpapahayag batay sa layunin, nilalaman, paglalapat, disensyo at kaangkupan.

Upang matukoy ang mga datos na nakalap gumamit ang mananaliksik ng interpretasyon ang mga datos na galing sa respondante gamit ang Weighted Mean, Standard Deviation, at Literal na Paliwanag o Puna.

Ang paggamit ng mga kagamitang pampagkatuto tulad ng worksheet ay napakahalaga para sa mga mag-aaral dahil nagbibigay ito ng pagkakataon sa kanila na magsanay sa kanilang kasanayan sa malalaking aspeto ng pag-aaral.

Ang talahanayan 1 ay nagpapakita ng Kamalayan sa Paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Batayan sa Pagpapaunlad sa Masining na Pagpapahayag batay sa layunin, nilalaman, paglalapat, disensyo at kaangkupan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 1**
***Kamalayan sa Paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Batayan sa Pagpapaunlad sa Masining na Pagpapahayag batay sa Layunin***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *1. Malinaw at tiyak ang mga layunin na nakasaad sa Kagamitang Likha sa Filipino.* | 4.76 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| *2. Nakabatay ang layunin sa nilalaman ng Kagamitang Likha sa Filipino.* | 4.75 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |
| *3. Matatamo ng mga mag-aaral ang mga layunin na nakalahad sa Kagamitang Likha sa Filipino.* | 4.77 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *4. Maayos na nailahad ang layunin ng bawat aralin sa Kagamitang Likha sa Filipino.* | 4.80 | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |
| *5. Nakapagbibigay ng maayos na gabay ang mga nakalahad na layunin sa Kagamitang Likha sa Filipino.* | 4.81 | 0.39 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.80***
***Standard Deviation: 0.31***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Sa unang pahayag na *"Malinaw at tiyak ang mga layunin na nakasaad sa Kagamitang Likha sa Filipino"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.76 at standard deviation na 0.59 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.
Nangangahulugan lamang ito na lubos na sumasang-ayon ang mga taga-tugon na malinaw at layuning nakapaloob sa kagamitang panturo.

Sa ikalawang pahayag na *"Nakabatay ang layunin sa nilalaman ng Kagamitang Likha sa Filipino"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.75 at standard deviation na 0.55 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikatlong pahayag na *"Matatamo ng mga mag-aaral ang mga layunin na nakalahad sa Kagamitang Likha sa Filipino"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.77 at standard deviation na 0.48 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikaapat na pahayag na *"Maayos na nailahad ang layunin ng bawat aralin sa Kagamitang Likha sa Filipino"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.80 at standard deviation na 0.43 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.
Sa ikalimang pahayag na *Nakapagbibigay ng maayos na gabay ang mga nakalahad na layunin sa Kagamitang Likha sa Filipino"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.81 at standard deviation na 0.39 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Ang kabuoang mean na 4.80, standard deviation na 0.31, ipinapakita na ang Kamlayan sa Paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Batayan sa Pagpapaunlad sa Masining na Pagpapahayag batay sa Layunin ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas. Ipinakita ng talahanayang 1 na malinaw na naipahayag ang layunin ng sa KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino).
Nangangahulugan na ang layunin ay lubos na tinanggap ng mga tagatugon ng pananalikisik na ito.

Ang talahanayan 2 ay nagpapakita ng Kamalayan sa paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang pagpapaunlad sa masining na bagpapahayag batay sa Nilalaman.

**Talahanayan 2**
***Kamalayan sa Paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Batayan sa Pagpapaunlad sa Masining na Pagpapahayag batay sa Nilalaman***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *1. Mabilis maunawaan ang nilalaman ng kagamitang panturo.* | 4.77 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *2. Malinaw na nailahad ang aralin.* | 4.84 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *3. Tugma ang nilalaman batay sa layunin ng kagamitang pangturo.* | 4.89 | 0.35 | Lubos na sumasang-ayon |
| *4. May sapat na halimbawa ang bawat aralin upang madaling maintindihan ang paksa.* | 4.89 | 0.31 | Lubos na sumasang-ayon |
| *5. May malinaw na panuto sa bawat gawain.* | 4.96 | 0.20 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.90***
***Standard Deviation: 0.17***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang mga datos na makikita sa itaas ay nagpapakita ng literal na palinawag na lubhang matas at may puna nalubos na sumasang-ayon sa pananaw ng mga tagatugon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Sa unang pahayag na *"Mabilis maunawaan ang nilalaman ng kagamitang panturo"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.77 at standard deviation na 0. na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalawang pahayag na *Malinaw na nailahad ang aralin"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.84 at standard deviation na 0.47 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikatlong pahayag na "*Tugma ang nilalaman batay sa layunin ng kagamitang pangturo"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.89 at standard deviation na 0.35 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikaapat na pahayag na *"May sapat na halimbawa ang bawat aralin upang madaling maintindihan ang paksa"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.89 at standard deviation na 0.31 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalimang pahayag na *"May malinaw na panuto sa bawat gawain"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.96 at standard deviation na 0.320 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Ang kabuoang mean na 4.90, standard deviation na 0.17, pinapakita na ang Kamalayan sa Paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Batayan sa Pagpapaunlad sa Masining na Pagpapahayag batay sa Nilalaman ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Nangangauhulugan na katanggap-tangap sa mga tagatugon ang nilalaman ng kagamitang panturo.

Ang talahanayan 3 ay nagpapakita ng Kamalayan sa paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang pagpapaunlad sa masining na bagpapahayag batay sa Paglalapat.

**Talahanayan 3**
***Kamalayan sa Paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Batayan sa Pagpapaunlad sa Masining na Pagpapahayag batay sa Paglalapat***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *1. Malinaw ang bawat panuto sa mga pagsasanay o gawain.* | 4.85 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| *2. Maayos ang pagkakalahad ng mga gawain sa bawat paksang aralin.* | 4.79 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *3. Nakabatay ang mga gawain alinsunod sa layunin ng Kagamitang Likha sa Filipino.* | 4.88 | 0.37 | Lubos na sumasang-ayon |
| *4. Ang mga pagsasanay o gawain ay may iba't ibang antas o lebel ng kahirapan.* | 4.88 | 0.33 | Lubos na sumasang-ayon |
| *5. Maayos ang pagkakasunod-sunod ng gawain.* | 4.92 | 0.27 | Lubos na sumasang-ayon |
| ***Overall Mean: 4.89*** | | | |
| ***Standard Deviation: 0.19*** | | | |
| ***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas*** | | | |

Ang mananaliksik ay nagbigay ng talatanungan at sinagutan ito ng mga tagatugon na nagmula sa Bunggo National High School.
Sa unang pahayag na "*Malinaw ang bawat panuto sa mga pagsasanay o gawain"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.85 at standard deviation na 0.54 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalawang pahayag na "*Maayos ang pagkakalahad ng mga gawain sa bawat paksang aralin"* ito ay nakakuha ng mean iskor na 4.79 at standard deviation na 0.50 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikatlong pahayag na "*Nakabatay ang mga gawain alinsunod sa layunin ng Kagamitang Likha sa Filipino"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.88 at standard deviation na 0.37 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikaapat na pahayag na "*Ang mga pagsasanay o gawain ay may iba't ibang antas o lebel ng kahirapan"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.88 at standard deviation na 0.33 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalimang pahayag na "*Maayos ang pagkakasunod-sunod ng gawain"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.92 at standard deviation na 0.27 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Ang kabuoang mean na 4.89, standard deviation na 0.19, pinapakita nito na ang Antas ng Paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Batayan sa Pagpapaunlad sa Masining na Pagpapahayag batay sa Paglalapat ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Nangangauhulugan na katanggap-tangap sa mga tagatugon ang mga gawain na nakapaloob sa KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino.

Ang talahanayan 4 ay nagpapakita ng Kamalayan paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

pagpapaunlad sa masining na bagpapahayag batay sa Disenyo.

**Talahanayan 4**

***Kamalayan sa Paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Batayan sa Pagpapaunlad sa Masining na Pagpapahayag batay sa Disenyo***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *1. Kaaya-aya sa paningin ang mga larawang ginamit.* | 4.87 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *2. Hindi masakit sa mata ang mga kulay na ginamit sa Kagamitang Likha sa Filipino.* | 4.80 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *3. Sakto ang laki ng bawat larawan na ginamit.* | 4.85 | 0.39 | Lubos na sumasang-ayon |
| *4. Maayos ang pagkakahanay ng mga larawang ginamit.* | 4.88 | 0.33 | Lubos na sumasang-ayon |
| *5. Naging malikhain ang paglalarawan sa tulong ng mga graphics.* | 4.95 | 0.23 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.89***
***Standard Deviation: 0.19***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang mananaliksik ay nagbigay ng talatanungan at sinagutan ito ng mga tagatugon na nagmula sa Bunggo National High School.
Sa unang pahayag na "*Kaaya-aya sa paningin ang mga larawang ginamit"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.87 at standard deviation na 0.53 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalawang pahayag na "*Hindi masakit sa mata ang mga kulay na ginamit sa Kagamitang Likha sa Filipino"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.80 at standard deviation na 0.49 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.
Sa ikatlong pahayag na "*Sakto ang laki ng bawat larawan na ginamit"* ay

nakakuha ng mean iskor na 4.88 at standard deviation na 0.37 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikaapat na pahayag na "*Maayos ang pagkakahanay ng mga larawang ginamit"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.88 at standard deviation na 0.33 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalimang pahayag na "*Naging malikhain ang paglalarawan sa tulong ng mga graphics"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.95 at standard deviation na 0.23 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Ang kabuoang mean na 4.89, standard deviation na 0.19, pinapakita nito na ang Antas ng Paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Batayan sa Pagpapaunlad sa Masining na Pagpapahayag batay sa Disensyo ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Nangangauhulugang na ang mga datos sa itaas ay nagpapakita na katanggap-tangap sa mga tagatugonn ang disenyo ng kagamitang panturo.

Ang talahanayan 5 ay nagpapakita ng Kamalayan sa paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang pagpapaunlad sa masining na pagpapahayag batay sa Kaangkupan.

**Talahanayan 5**

***Kamalayan sa Paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Batayan sa Pagpapaunlad sa Masining na Pagpapahayag batay sa Kaangkupan***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *1. Nakaangkop ang mga salita sa larawang ginamit.* | 4.89 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *2. Nakatugma ang mga larawan sa mensaheng nais iparating ng teksto.* | 4.80 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *3. Nakabatay sa lebel ng pag-unawa ng mga mag-aaral ang mga gawaing nakalahad sa teksto.* | 4.88 | 0.37 | Lubos na sumasang-ayon |
| *4. Nakaangkla ang mga gawain batay sa bawat paksa.* | 4.95 | 0.23 | Lubos na sumasang-ayon |
| *5. Akma ang mga larawang ginamit sa bawat pagsasanay at gawain sa Kagamitang Likha sa Filipino.* | 4.96 | 0.20 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.92***
***Standard Deviation: 0.17***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang mananaliksik ay nagbigay ng talatanungan at sinagutan ito ng mga tagatugon na nagmula sa Bunggo National High School.
Sa unang pahayag na "*Nakaangkop ang mga salita sa larawang ginamit"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.89 at standard deviation na 0.51 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalawang pahayag na "*Nakatugma ang mga larawan sa mensaheng nais iparating ng teksto"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.80 at standard deviation na 0.49 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikatlong pahayag na ". *Nakabatay sa lebel ng pag-unawa ng mga mag-aaral ang mga gawaing nakalahad sa teksto"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.88 at standard deviation na 0.37 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikaapat na pahayag na "*Nakaangkla ang mga gawain batay sa bawat paksa"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.95 at standard deviation na 0.23 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalimang pahayag na "*Akma ang mga larawang ginamit sa bawat pagsasanay at gawain sa Kagamitang Likha sa Filipino"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.95 at standard deviation na 0.20 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Ang kabuoang mean na 4.92, standard deviation na 0.17, pinapakita nito na ang Antas ng Paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Batayan sa Pagpapaunlad sa Masining na Pagpapahayag batay sa Kaangkupan ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Nangngahulagan ito na may kaangkupan ang nilalaman ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) kaya ito ay lubos na tinanggap ng mga tagatugon.

**Kamalayan sa Paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Pagpapalawak ng Bokabularyo ng mga Mag-aaral**

Upang malaman ang kamalayan sa Paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Pagpapalawak ng Bokabularyo batay sa kahulugan ng salita, istruktura ng salita, at simbolismo gumamit ang mananaliksik talatungan at sa pagsusuri ng mga datos na nakalap gumamit naman ng Weighted Mean, Standard Deviation, sa pagbibigay naman ng interpreatsyon ginamitan ito ng puna at Literal na Paliwanag.

Talahanayan 6 Kamalayan sa Paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Pagpapalawak ng Bokabularyo ng mga Mag-aaral batay sa Kahulugan ng Salita.

Sa unang pahayag na "*Wasto ang pagbibigay ng mga kahulugan sa bawat salita t"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.90 at standard deviation na 0.60 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalawang pahayag na "*Direktang binigyan ng kahulugan ang mga salita" ay nakakuha ng mean iskor na 4.90 at standard deviation na 0.50 na may* puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.
Sa ikatlong pahayag na *"Maayos na nailahad ang mga kahulugan ng mga salitang ginamit"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.90 at standard deviation na 0.30 ito ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag lubhang mataas.

Sa ikaapat na pahayag na "*Maayos at malinaw na nabigyang kahuluganang mga salitang ginamit sa Kagamitang Likha sa Filipino"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.90 at standard deviation na 0.30 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalimang pahayag na "*Payak ang mga salitang ginamit sa pagpapakahulugan"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.90 at standard deviation na 0.30 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

**Talahanayan 6**
***Kamalayan sa Paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Pagpapalawak ng Bokabularyo ng mga Mag-aaral batay sa Kahulugan ng Salita***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *1. Wasto ang pagbibigay ng mga kahulugan sa bawa salita.* | 4.90 | 0.60 | Lubos na sumasang-ayon |
| *2. Direktang binigyan ng kahulugan ang mga salita.* | 4.90 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *3. Maayos na nailahad ang mga kahulugan ng mga salitang ginamit* | 4.90 | 0.30 | Lubos na sumasang-ayon |
| *4. Maayos at malinaw na nabigyang kahulugan ang mga salitang ginamit sa Kagamitang Likha sa Filipino.* | 4.90 | 0.30 | Lubos na sumasang-ayon |
| *5. Payak ang mga salitang ginamit sa pagpapakahulugan.* | 4.90 | 0.30 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.90***
***Standard Deviation: 0.20***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Ang kabuoang mean na 4.90, standard deviation na 0.20, pinapakita nito na ang Antas ng Paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Pagpapalawak ng Bokabularyo ng mga Mag-aaral batay sa Kahulugan ng Salita ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Nangangahulugan ito ang maayos na malinaw at maayos na nailahad ang kahulugan ng mga salitang ginamait sa KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino).

Ang mananaliksik ay nagbigay ng talatanungan at sinagutan ito ng mga tagatugon na nagmula sa Bunggo National High School.
Talahanayan 7 Kamalayan sa Paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Pagpapalawak ng Bokabularyo ng mga Mag-aaral batay sa Istruktura ng Salita.

Sa unang pahayag na "*Organisado ang pagkakabalangkas ng mga salita"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.90 at standard deviation na 0.50 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalawang pahayag na "*Madaling gamitin sa pagbibigay ng pangungusap ang mga salitang ginamit"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.90 at standard deviation na 0.40 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikatlong pahayag na "*Maayos ang pagkakabaybay ng mga salitang ginamit"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.90 at standard deviation na 0.40 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikaapat na pahayag na "*Angkop ang mga bantas na ginamit sa bawat*
*pangungusap"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.90 at standard deviation na 0.40 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalimang pahayag na "*Payak at madaling maintindihan ang mga salitang ginamit sa pagpapakahulugan"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.90 at standard deviation na 0.30 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Ang kabuoang mean na 4.90, standard deviation na 0.20, pinapakita nito na ang Antas ng Paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Pagpapalawak ng Bokabularyo ng mga Mag-aaral batay sa Istruktur ng Salita ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Nangangahulugan ito na maayos ang pagkakabaybay ng mga salita at maayos ang pagkakasulat ng mga pangungusap sa loob ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino).

**Talahanayan 7**
***Kamalayan sa Paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Pagpapalawak ng Bokabularyo ng mga Mag-aaral batay sa Istruktura ng Salita***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *1. Organisado ang pagkakabalangkas ng mga salita.* | 4.90 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *2. Madaling gamitin sa pagbibigay ng pangungusap ang mga salitang ginamit.* | 4.90 | 0.40 | Lubos na sumasang-ayon |
| *3. Maayos ang pagkakabaybay ng mga salitang ginamit.* | 4.90 | 0.40 | Lubos na sumasang-ayon |
| *4.Angkop ang mga bantas na ginamit sa bawat pangungusap.* | 4.90 | 0.40 | Lubos na sumasang-ayon |
| *5.Payak at madaling maintindihan ang mga salitang ginamit sa pagpapakahulugan.* | 4.90 | 0.30 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.90***
***Standard Deviation: 0.20***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Talahanayan 8 Kamalayan sa Paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Pagpapalawak ng Bokabularyo ng mga Mag-aaral batay sa Simbolismo.

Sa unang pahayag na "*Ang mga simbolo na ginamit sa Kagamitang Likha sa Filipino ay naangkop sa lebel ng mga mag-aaral"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.90 at standard deviation na 0.50 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalawang pahayag na "*Ang mga simbolong ginamit ay may pagkakaisa at naaakma sa hinihingi ng pangungusap"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.80 at standard deviation na 0.50 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikatlong pahayag na "*Ang mga simbolong ginamit ay tumutugon sa ninanais na layunin ng Kagamitang Likha sa Filipino"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.90 at standard deviation na 0.40 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikaapat na pahayag na "*Ang mga simbolismong ginamit ay malinaw na naipahayag at nabigyan ng kahulugan"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.90 at standard deviation na 0.30 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.
Sa ikalimang pahayag na "*Ang mga simbolismo na ginamit ay*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

*mga bagay/pangyayari na tumutugon sa pang-araw -araw na karanasan ng mga mag-aaral"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.90 at standard deviation na 0.30 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

**Talahanayan 8**

***Kamalayan ng Paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Pagpapalawak ng Bokabularyo ng mga Mag-aaral batay sa Simbolismo***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *1. Ang mga simbolo na ginamit sa Kagamitang Likha sa Filipino ay naangkop sa lebel ng mga mag-aaral.* | 4.90 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *2. Ang mga simbolong ginamit ay may pagkakaisa at naaakma sa hinihingi ng pangungusap.* | 4.80 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *3. Ang mga simbolong ginamit ay tumutugon sa ninanais na layunin ng Kagamitang Likha sa Filipino.* | 4.90 | 0.40 | Lubos na sumasang-ayon |
| *4.Ang mga simbolismong ginamit ay malinaw na naipahayag at nabigyan ng kahulugan.* | 4.90 | 0.30 | Lubos na sumasang-ayon |
| *5.Ang mga simbolismo na ginamit ay mga bagay/pangyayari na tumutugon sa pang-araw -araw na karanasan ng mga mag-aaral.* | 4.90 | 0.30 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.90***
***Standard Deviation: 0.20***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang kabuoang mean na 4.90, standard deviation na 0.20, pinapakita nito na ang Antas ng Paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Pagpapalawak ng Bokabularyo ng mga Mag-aaral batay sa Kahulugan Simbolismo ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Nangangahulugan lamang ito na ang mga simbolismong ginamit ay lubos na katangap-tangap sa pananaw ng mga tagatugon.
Ang simbolismo ang nagpapatingkad ng isang tula o iba pang mga akdang pampanitikan kaya nararapat lang na maayos na mailahad at maipakita sa isang akda ang mga simbolismong ginamit ng manunulat.

**Antas ng Performans ng mga Mag-aaral batay sa Pagsulat ng Tula**
Ang pananaliksik na ito ay naglalaman ng Antas ng Performans ng mga
Mag-aaral batay sa Pagsulat ng Tula.

Upang matukoy ang ng Antas ng Performans ng mga Mag-aaral batay sa Pagsulat ng Tula, ang mananaliksik ay nagpasulat ng isang tula. Ito ay bibigyan ng marka o puntos sa pamamagitan ng pamantayan na inilahad. Ang mga datos na nakalap ay binigyan ng interpretasyon ang mga datos mula sa respondante sa pamamagitan ng paggamit ng *Frequency, Weighted Mean, Standard Deviation, Puna at Literal na Paliwanag.*

Ang talahanayan 9 ay naglalaman ng ng Antas ng Performans ng mga Mag-aaral batay sa Pagsulat ng Tula.

**Talahanayan 9**

***Antas ng Performans ng mga Mag-aaral batay sa Pagsulat ng Tula***

| Marka | Kabuoan | Bahagdan | Mapaglarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 18 – 20 | 44 | 59.46 | Pinakamahusay |
| 14 – 17 | 30 | 40.54 | Higit na mahusay |
| 11 – 13 | 0 | 0.00 | Mahusay |
| 7 – 10 | 0 | 0.00 | Hindi gaanong mahusay |
| 4 – 6 | 0 | 0.00 | Hindi mahusay |
| 0 – 3 | 0 | 0.00 | Lubos na hindi mahusay |
| **Total** | **74** | **100** | |
| **Weighted Mean** | ***17.97*** | | |
| **Pinakamababang Marka** | ***15*** | | Lubos na Kasiyasiya |
| **Pinakamataas na marka** | ***20*** | | |
| **Standard Deviation** | ***1.53*** | | |

Ang talahanayan ay malinaw na nagpapakita ng antas ng performans ng mga mag-aaral batay sa pagsulat ng tula, sa kabuoang pitumpo't apat limampu na tagatugon, ang raw score na "18 to 20" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

apatnapu (40) o 59.46 % ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na Pinakamahusay. At ang raw score na "14 to 17" ay mayroong bilang na tatlumpu at pito (30) o 40.54% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na Higit na Mahusay.

May kabuoang (Weighted Mean = 17.97, SD = 1.53) at (pinakamababang marka = 15, pinakamataas na marka = 20) ipinapakita na ang antas ng performans ng mga mag-aaral batay sa pagsulat ng tula ay may mapaglarawang katumbas na Pinakamahusay at may literal na paliwanag na Napakakasiya-siya.

Nangangahulugang naging epektibong kagamitan ang KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng tula.

Ang talahanayan 10 ay naglalaman ng Makabuluhang epekto ng paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Pagpapaunlad sa Masining na Pagpapahayag sa Performans ng mga Mag-aaral batay sa Pagsulat ng Tula.

Upang malaman kung makabuluhan ba ang epekto ang Makabuluhang epekto ng paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Pagpapaunlad sa Masining na Pagpapahayag sa Performans ng mga Mag-aaral batay sa Pagsulat ng Tula, gumamit ang mananaliksik ng *multiple regression.*

**Talahanayan 10**

***Makabuluhang Epekto ng KALISAFI (Paggamit ng Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Pagpapaunlad sa Masining na Pagpapahayag sa Performans ng mga Mag-aaral batay sa Pagsulat ng Tula***

| Pagganap | **B** | **SE** | **B** | **T** | **p** |
|---|---|---|---|---|---|
| *Constant* | 14.17 | 6.432 | | 2.203 | 0.031 |
| *Layunin* | | 0.881 | 0.73 | 0.828 | 0.41 |
| *Nilalaman* | | 1.547 | 1.757 | 1.136 | 0.26 |
| *Paglalapat* | | 1.676 | -2.47 | -1.47 | 0.146 |
| *Disenyo* | | 1.39 | -0.68 | -0.49 | 0.626 |
| *Kaangkupan* | | 1.406 | 1.44 | 1.024 | 0.309 |
| *R-squared* | | | .046 | | |
| *Adjusted R-squared* | | | -.02 | | |
| *Standard Error of the Estimate* | | 1.544 | | | |
| *F(5, 68)* | | | | .658 | .657 |

*p < 0.05

Ipinapakita ng talahanayan ang resulta ng *multiple regression analysis* sa pagsusuri ng epekto ng paggamit ng Kagamitang Likha sa Filipino bilang pagpapaunlad sa masining na pagpapahayag sa performans ng mga mag-aaral batay sa pagsulat ng tula. Ang *regression model* ay nagpapaliwanag ng 4.6% ng *variance* sa performans ng mga mag-aaral (R-squared = 0.046). Ang *Layunin*, *Nilalaman*, *Paglalapat*, *Disenyo* at *Kaangkupan* ay walang positibong epekto sa performans ng mga mag-aaral. Ang *F-test* ng lahat ng modelo ay hindi makabuluhan (F (5, 68) p > 0.05), nagpapahiwatig na ang *regression model* ay hindi tugma sa mga datos. Ang *standard error of the estimate*, na sumasalamin sa *average deviation* sa pagitan ng sinusunod at hinulaan na performans ng mga mag-aaral.

Ipinapakita nito na ang walang bisang palagay na "Walang Makabuluhang epekto sa antas ng kamalayan angnpaggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Pagpapaunlad sa Masining na Pagpapahayag sa Performans ng mga Mag-aaral batay sa Pagsulat ng Tula" ay tanggapin. Sapagkat ang mga datos na nakalap sa pag-aaral ay nagpapakita "walang makabuluhang" epekto sa pagitan ng masining na pagpapahayag at pagsulat tula.

Ang Talahanayan 11 ay nagpapakita ng Makabuluhang Epekto ng Paggamit ng KAlisafi (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Paghpapalawak ng Bokabularyo sa Performans ng mga Mag-aaray batay sa Pagsulat ng Tula.

**Talahanayan 11**

***Makabuluhang Epekto ng Paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Pagpapalawak ng Bokabularyo sa Performans ng mga Mag-aaral batay sa Pagsulat ng Tula***

| Pagganap | **B** | **SE** | **B** | **t** | **P** |
|---|---|---|---|---|---|
| *Constant* | 21.43 | 5.187 | | 4.132 | 1E-04 |
| *Kahulugan ng salita* | | 1.236 | 0.093 | 0.075 | 0.94 |
| *Istruktura ng salita* | | 1.539 | 0.136 | 0.088 | 0.93 |
| *Simbolismo* | | 1.346 | -0.93 | -0.69 | 0.49 |
| *R-squared* | | | .009 | | |
| *Adjusted R-squared* | | | -.03 | | |
| *Standard Error of the Estimate* | | 1.551 | | | |
| *F(5, 180)* | | | | .202 | .895 |

*p < 0.05

Upang malaman kung makabuluhan ba ang epekto ang Makabuluhang Epekto ng Paggamit ng KAlisafi (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Paghpapalawak ng Bokabularyo sa Performans ng mga Mag-aaray batay sa Pagsulat ng Tula.

Ipinapakita ng talahanayan ang resulta ng *multiple regression analysis* sa pagsusuri ng epekto ng paggamit ng Kagamitang Likha sa Filipino bilang pagpapaunlad sa masining na pagpapahayag sa performans ng mga mag-aaral batay sa pagsulat ng tula. Ang *regression model* ay nagpapaliwanag ng 0.9% ng *variance* sa performans ng mga mag-aaral (R-squared = 0.09). Ang *Kahulugan ng salita*, *Istruktura ng salita* at *Simbolismo* ay walang positibong epekto sa performans ng mga mag-aaral. Ang *F-test* ng lahat ng modelo ay hindi makabuluhan (F (3, 71) p > 0.05), nagpapahiwatig na ang *regression model* ay hindi tugma sa mga datos. Ang *standard error of the estimate*, na sumasalamin sa *average deviation* sa pagitan ng sinusunod at hinulaan na performans ng mga mag-aaral.

Ipinapakita nito na ang walang bisang palagay na "ang Makabuluhang Epekto ng Paggamit ng KAlisafi (Kagamitang Likha sa Filipino) bilang Paghpapalawak ng Bokabularyo sa Performans ng mga Mag-aaray batay sa Pagsulat ng Tula" ay tanggapin. Sapagkat ang mga datos na nakalap sa pag-aaral ay nagpapakita "walang makabuluhang" epekto sa pagitan ng masining na pagpapahayag at pagsulat tula.

Sa isang kagamitang panturo ay nararapat na malinaw ang pagkakalahad ng kahulugan ng mga salita upang hindi magkaroon ng kalituhan ang mga mag-aaral tungkol sa mga salitang may malalim na kahulugan o mga salitang bago sa panlasa ng mga mag-aaral o mambabasa. Makakatulong din ang maayos na pagkakalahad ng kahulugan ng salita upang mapalawak ang bokabularya ng mga mag-aaral na gagamit ng kagamitang panturo.

**Mga Hakbang sa Pagpapaunlad ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino)**

Ang Talahanayan 12 ay nagpapakita ng mga mga hakbang sa pagpapaunlad ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino).

**Talahanayan 12**
***Hakbang sa Pagpapaunlad ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino)***

| Layunin | Istratehiya/ Aktibiti | Mga Kasangkot | Inaasahang Awtput |
|---|---|---|---|
| Mapaunlad ang antas ng kaalaman sa denotasyon, konotasyon, idyoma, at tayutay | Pagdalo sa mga seminar na may tumatalakay sa denotasyon, konotasyon, idyoma, at tayutay. Magpatala sa mga maikling kurso na may kinalaman sa denotasyon, konotasyon, idyoma, at tayutay. | Punongguro, MT, HT, at Mga Guro sa Filipino | Sertipikasyong nagpapatunay ng pagdalo at pakikibahagi sa seminar at maikling kurso. Maipakita ang aplikasyon ng mga natutunan sa pamamagitan ng paggamit nito sa akwal na pagtuturo. |
| Malaman ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa denotasyon, konotasyon, idyoma, at tayutay | Magbigay ng paunang pagsusulit tungkol sa denotasyon, konotasyon, idyoma, at tayutay | Mga mag-aaral sa ika-11 baitang at mga guro sa Filipino | Analisasyon ng mga markang nakuha ng mga bata kung saan magagamit ito sa upang mabigyan sila ng tamang interbensyon. |
| Mapataas ang antas ng mga mag-aaral sa paggamit ng kagamitang pampagkatuto patungkol sa denotasyon, konotasyon, idyoma, at tayutay | Paggamit ng KALISAPI bilang isang interbensyon upang mapataas ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral Lokalisasyon ng KALISA upang higit na matugunan ang panggangailangan ng mga mag aaral | Mga Guro sa Filipino at ika-11 na mga mag-aaral | Tumaas ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa denotasyon, konotasyon, idyoma, at tayutay, at mahasa ang kanilang bokabularyo. |

## 4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Base sa naging resulta ng pananaliksik, ang mga sumusunod na konklusyon ay nabuo.

1. Ang "walang makabuluhang epekto ng paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino)" sa pagpapaunlad ng masining na pagpapahayag ay tinatanggap. Ngunit, maaari itong magbigay ng positibong epekto bilang maging batayan sa paglikha ng isang kagamitang panturo na makatutulong sa mga mag-aaral na mapaunlad ang kanilang kakayahang komunikatibo.
2. Ang "walang makabuluhang epekto ng paggamit ng KALISAFI (Kagamitang Likha sa Filipino)" sa pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral ay tinatanggap. Ngunit, maaari itong magbigay ng positibong epekto bilang maging batayan sa paglikha ng isang kagamitang panturo na makatutulong sa mga mag-aaral na mapalawak at mapayabong ang kanilang bokabularyo o talasalitaan.

Batay sa resulta at konklusyon sa pagsusuri, nabuo ang rekomendasyon sa pag-aaral.

1. Iminumungkahi ng mananaliksik na gumamit pa ng iba't ibang kagamitang panturo na makatutulong sa mga mag-aaral na mapaunlad ang kanilang kakayahang komunikatibo at makatutulong din na mapalawak ang kanilang bokabularyo.
2. Hinihikayat din ng mananaliksik na ituro ng personal ng mga guro ang mga sumusunod na aralin na nakapaloob sa "Kagamitang Likha sa Filipino Bilang Pagpapaunlad sa Masining na Pagpapahayag at Pagpapalawak ng Bokabularyo" upang lubos itong maintindihan ng mga mag-aaral.
3. Sa mga susunod na mananaliksik, iminumungkahi ng mananaliksik na gawing batayan ang mga datos na nabuo mula sa pag-aaral na ito, upang makabuo ng mas epktibong kagamitang panturo na makatutulong sa mga mag-aaral na mapaunlad ang kanilang kakayahang komunikatibo at makatutulong din sa kanila na mapalawak ang kanilang bokabularyo.

## TALASANGGUNIAN

1. *Tety. (2016). Role of Instructional Materials in Academic Performance in Community Secondary Schools in Rombo District. The Open University of Tanzania Institutional Repository. Retrieved fromhttps://repository.out.ac.tz/1829/*
2. *Gomez, J. (2018). Teacher-Made Worksheets to Develop Oral Language in an EFL Classroom. Repositorio Digital Institucional DeLaUniversidadExternadoDeColombia.https://bdigital.uexternado.edu.co/entities/publication/73f0ca5-4468-40c6-bb08-03d4e27cf319*
3. *Department of Education. (2020). Pahayag ng pakikiisa ng Kagawaran ng Edukasyon. Halaw sa https://www.deped.gov.ph/2020/05/01/pahayag-ng-pakikiisa-ng-kagawaran-ng-edukasyon/*
4. *McCombes, S. (2019). Research Design: Types, Methods, and Examples. Scribbr*